Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay Nagluluwalhati sa likod ng sinasakyan niya kung saan ito nahaharap,at ibinababa niya ang ulo niya,at si Ibn `Umar ay isinasagawa ito

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa.((Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay Nagluluwalhati sa likod ng sinasakyan niya kung saan ito nahaharap,at ibinababa niya ang ulo niya,at si Ibn `Umar ay isinasagawa ito)) at sa isang salaysay:((Siya ay nagdadasal ng Witr sa kamelyo niya)) At kay Imam Muslim:((Liban lang sa Hindi siya nagdadasal dito ng mga Obligado)) At kay Imam Al-Bukhari: ((Liban sa mga Obligadong dasal))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagdadasal ng kusang-loob lamang na dasal sa likod ng sinasakyan niya,kung saan nakaharap ito kahit na hindi sa Qiblah,at ibinababa niya ang ulo niya bilang tanda sa kanyang pagyuyuko at pagpapatirapa,at hindi siya naoobliga na bumaba sa lupa para yumuko at magpatirapa at humarap sa Qiblah,at walang pagkakaiba sa pagitan ng [isinasagawa niyang] kusang-loob na dasal sa pangkalahatan,o sa mga Sunnah na Rawatib,o sa mga dasal na may kasamang dahilan,At hindi niya ito ginagawa sa mga Pagdarasal na Obligado,At gayundin siya ay nagdadasal ng Witr sa kanyang Kamelyo.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3128